REPUBLIKA NG PILIPINAS
**PAMAHALAANG BAYAN NG MUNTINLUPA**
KALAKHANG MAYNILA
TEL. NO. 842-04-22 LOCAL 51
FAX No. 842-5549 • 842-6196 • 842-4926

**SANGGUNIANG BAYAN**

KAPASIYAHAN BILANG 95-225

KAPASIYAHAN NA PINAGTITIBAY ANG BAGONG PANGLUNGSOD NA LOGO O SEAL NG LUNGSOD NG MUNTINLUPA (CITY OF MUNTINLUPA).

*************************************************************

SAPAGKAT, ang dating pambayang logo o seal ay hindi na umaayon o akma sa tunay na galaw at katayuan ng Muntinlupa na isa ng ganap na lungsod;

SAPAGKAT, ang panglungsod na logo o seal ang siyang larawan at sagisag ng kalunsuran na dapat magkintal at magsagisag ng tunay na kayamanan at kalagayan ng isang lungsod;

SAPAGKAT, bilang sagisag ng lungsod---ito'y isa sa pinakamatibay na buklod na bumibigkas sa kalunsuran at nagpapaunlad sa pagkakaisa ng mga panglungsod na mithiin, lunggati at damdamin;

SAPAGKAT, ang panglungsod na seal o logo ay sagisag ng kasarinlan at pagkilala sa sariling lungsod na puspusang isinusulong na maging maayos, mapayapa at maunlad para sa kapakanan ng mamamayang piniling manirahan at mabuhay dito;

SAPAGKAT, ang R.A. 7926, ang batas na magtatakda ng konbersiyon ng Bayan ng Muntinlupa sa isang ganap na lungsod o highly-urbanized city na pinasa at pinagtibay ng Senado ay nilagdaan ng Pangulong Fidel V. Ramos noong Marso 01, 1995 sa Malacanang at niratipika sa isang plebisito na ginanap para dito noong Mayo 08, 1995;

NGAYON, DAHIL DITO, ang Sangguniang Panglungsod ng Muntinlupa ay pinagpasiyahan na pagtibayin ang bagong panglungsod na logo o seal ng bagong silang na Lungsod ng Muntinlupa (City of Muntinlupa) at pinagpasiyahan pa rin na bigyan ng sipi ng kapasiyahannng ito ang Philippine Historical Commission (PHC) at ang Department of Interior and Local Government (DILG).

PINAGTIBAY ng mga Kagawad ng Sangguniang Panglungsod sa kanilang ika-128th regular na pulong na ginanap ngayong ika-05 ng Hunyo, 1995.

REPUBLIKA NG PILIPINAS
# PAMAHALAANG BAYAN NG MUNTINLUPA
KALAKHANG MAYNILA
TEL. NO. 842-04-22 LOCAL 51
FAX No. 842-5549 • 842-6196 • 842-4926

**SANGGUNIANG BAYAN**

Pahina - 2 -
Kapasiyahan Bilang 95-225

PINATOTOHANAN:

MGGL. JAIME R. FRESNEDI
Pang. Punonglungsod/Pangulong Opisyal

(Liban)
KGG. ROGER C. SMITH
Konsehal

KGG. RUFINO B. JOAQUIN
Konsehal

KGG. ROMAN E. NIEFES
Konsehal

(Di Sang-ayon)
KGG. DANTE S. ALMARIO
Konsehal

KGG. MELCHOR R. TEVES
Konsehal

(Liban)
KGG. LUCIO B. CONSTANTINO
Konsehal

KGG. NOLASCO L. DIAZ
Konsehal

KGG. REY E. BULAY
Konsehal

KGG. ERNESTO A. CARUBIO
Konsehal

(Liban)
KGG. ALEJANDRO L.MARTINEZ
Konsehal

REPUBLIKA NG PILIPINAS
**PAMAHALAANG BAYAN NG MUNTINLUPA**
KALAKHANG MAYNILA
TEL. NO. 842-04-22 LOCAL 51
FAX No. 842-5549 • 842-6196 • 842-4926

**SANGGUNIANG BAYAN**



KGG. ALDRIN L. SAN PEDRO
Konsehal

KGG. REYNALDO A. ABAS,JR.
Konsehal

(Liban)
KGG. VICENTE Y. CHUA
Kinatawan ng Sektor
Pangulo
Samahan ng mga Punong-Bgy.

KGG. MIGUEL LUIS F. RIOS,JR.
Kinatawan ng Sektor
Pangulo
Pederasyon ng Sang. Kabataan

PINATUTUNAYAN:

PETER B. SALONGA
Kalihim Panglungsod

PINAGTIBAY:

MGGL. IGNACIO R. BUNYE
Punonglungsod